K TO 12 POINTERS
VOL. 2 NO. 1 JUNE 2014

REX Book Store

# ALIGNING TO THE NEW COMPETENCIES




REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

# Ang Rex K to 12 Pointers para sa Pagbabago ng Kurikulum

**Mahal Naming Katuwang sa Edukasyon,**

Isang mapagpalang pagbati!

Muli na naman nating naranasan ang malaking pagbabago sa latag ng kurikulum ng K to 12. Kaya naman, inihahandog ng Rex Book Store sa inyo ang **Rex K to 12 Pointers** – isang natatanging taunang dagdag na batayang kagamitang pampagtuturo. Idinesenyo ito upang alalayan ang mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mungkahi kung paano mahusay na makatutugon sa mga ispesipikong pangangailangan ng edukasyon gamit ang mga gabay pampagkatuto at gabay panturo ng Rex. Partikular na pokus o focus ng isyung ito ay ang pagtulong sa mga guro kung paano nila higit na mauunawaan ang curriculum crosswalk (malalim na pagtingin sa pagkakaiba ng dalawang bersiyon ng kurikulum) at ang maaaring maging epekto nito sa pagtuturo at pagkatuto. Gayon din, ang bagong tomong ito ng **Rex K to 12 Pointers** para sa taong pampaaralan 2014–2015 ay nagbibigay tuon sa kung paano matagumpay na harapin ang transisyon mula sa luma patungong bagong bersiyon ng kurikulum, sa bawat aralin at bawat antas.

Mula nang unang maipatupad ang K to 12 na kurikulum taong 2011, naglabas ang DepEd ng higit sa tatlong bersiyon ng Gabay Pangkurikulum sa pamamagitan ng kanilang opisyal na memorandum. Nakitaan ang iba't ibang bersiyon na ito ng mga pagbabago sa saklaw at pagkakasunod-sunod ng mga nilalaman/paksa, at gayon din sa mga batayang kasanayan. Ang naging madalas na pagbabagong ito ay nagkaroon ng napakalaking epekto sa halos lahat ng aralin sa bawat antas. Higit na makikita ang pagbabagong ito sa Araling Panlipunan (antas 3) na napalitan ang buong nilalaman ng Gabay Kurikulum upang ituon sa pagkilala at pagmamalaki sa kultura ng rehiyong kinabibilangan ng mag-aaral. Isang malaking pagbabago rin sa Araling Panlipunan ay ang pagbaba ng isang antas ng mga pamantayang pangnilalaman at mga kasanayan (antas 7–9) upang magbigay puwang sa bagong nilalaman ng antas 10 (Kontemporaryong Isyu). Nagbigay ang huling pagbabagong ito ng malaking hamon sa mga administrador at mga guro sa tamang implementasyon ng programa ng K to 12 sa kani-kanilang paaralan at klasrum.

Bilang bahagi ng aming tapat na serbisyo sa inyo, aming mga katuwang sa edukasyon, dumaramay ang Rex Book Store sa pagharap ninyo sa malaking hamong ito ng transisyon. Bilang inyong pinagkakatiwalaang kaagapay, pinagsikapan ng Rex na mabuo ang edisyong ito ng **Rex K to 12 Pointers**, na kinapapalooban ng mga hakbang sa pagtransisyon ng kurikulum ng bawat aralin sa tulong ng aming mga aklat. Upang matiyak na sumusunod sa pamantayan at mga batayang kasanayang hinihingi ng K to 12 ang mga kagamitang panturo at pampagkatuto ng Rex, inihahandog namin ang *curriculum crosswalk*. Sa *crosswalk* na ito, tinukoy ng aming mga *academic specialist* ang mga kinakailangang dagdag na aralin at gawain upang lubos na matamo ng mga mag-aaral ang mga nararapat na kaalamang hinihingi ng pamantayan. Dagdag pa rito, nakalahad nang pabiswal na pagkakahanay ang mga natuklasang pagbabago, mga gagawing transisyon, at mga paraan kung paano ito natutugunan ng mga kagamitang panturo at pampagkatuto ng Rex. Tunay nga na magsisilbing gabay sa inyo ang edisyong ito ng **K to 12 Pointers** at pati na rin ang mga dagdag na aralin at gawaing makikita sa Rex Interactive website sa www.rexinteractive.com.

Umaasa kaming sa pamamagitan ng ganap na pagsunod sa pinakabagong bersiyon ng K to 12 kurikulum na maibibigay ng kagamitang ito, matatamo ninyo ang ninanais ninyong tiwala sa sarili, at kapayapaan ng isip bilang mga mahuhusay na administrador at guro. Nakikiisa kami sa inyo sa paghahangad ng isang matagumpay na implemenstasyon ng programang K to 12 para sa kapakinabangan ng ating mga mag-aaral. Nawa, ang pagtutulungan nating ito ay magdulot ng liwanag sa ating kapuwa edukador.

Sumasainyo,

**Rex Book Store**

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Mula sa Tagalathala

Kinakailangang tanggapin ng mga pinuno na isa sa kanilang malaking responsibilidad ay alalayan ang mga miyembro ng kanilang organisasyon upang ang mga ito ay magkaroon ng dagdag na husay at tiwala sa sarili na maghihikayat sa kanila na gampanan ang kanilang mga tungkulin (Doll, 2009). Bilang mga punungguro, tagapag-ugnay, o kahit mga guro sa loob ng klasrum, itinuturing silang mga pinuno ng kanilang paaralan. Sa kasalukuyang pagbabago ng edukasyong K to 12, bahagi ng kanilang responsibilidad bilang pinuno na tulungan ang kanilang mga miyembro sa transisyon ng mga ito mula sa dati patungong bagong bersiyon ng kurikulum.

Isang malaking hamon sa mga guro ang pagsubaybay sa pagbabago ng kurikulum, pagtukoy sa mga bagong kasanayan, at paglalapat nito sa kanilang pagdidisenyo ng mga gawaing pangklasrum at banghay-aralin. Subalit isa itong mahigpit na pangangailangan upang matiyak na hindi ito magdudulot ng kakulangan sa mga mag-aaral sa halip ay umani ito ng katuparang maabot ang layunin ng mga naganap na pagbabago.

Bilang pinagkakatiwalaang katuwang sa edukasyon, nauunawaan ng Rex Book Store ang mga kinakailangang pagpupunyagi upang masundan at mailapat ang mga pagbabago ng kurikulum sa paaralan. Kaya naman, pinagsikapan nitong maihandog ang Rex K to 12 Pointers – isang materyal pantulong na tumutukoy sa mga pagbabago sa kurikulum sa pamamagitan ng *curriculum crosswalk* o paghahambing ng Gabay Kurikulum, bersiyong 2012 at 2013. Nagtatamo rin ito ng mga banghay-araling taglay ang mga bagong batayang kasanayan na sadyang idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng pagbabago, at iba pang gabay pantulong para sa pagsasakatuparan ng kanilang mga gawaing pangklasrum. Matutunghayan din ng mga guro sa *curriculum crosswalk* ng Rex Pointers ang *spiral* na ayos ng kurikulum sa ginawang paghahambing ng mga batayang kasanayan. Bukod pa rito, natukoy din ang mga puwang na kailangang punan upang buong-buong matamo ng mga mag-aaral ang kinakailangang matutuhan. Sa ganitong paraan, mapagagaan ang paghahanda ng mga guro ng kanilang mga gawaing pampagkatuto. Dahil sa pagbibigay ng mga nararapat na teknik at estratehiya, masasabing kaagapay ng mga guro ang Rex Pointers sa kaganapan ng layunin ng bagong kurikulum.

Umaasa ang Rex Book Store na magagabayan ng Rex Pointers ang mga guro patungo sa daang matuwid ng pagiging isang mahusay na pinuno ng K to 12 sa kanilang mga paaralan at klasrum. Sa inihahandog na preparasyon at tulong ng materyal na ito, tinitiyak sa mga guro na sa Rex, "You are booked for success."

**Don Timothy Buhain**
*Chief Operating Officer, Rex Book Store, Inc.*

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

## Isang Primer sa *Curriculum Crosswalk*

Nagkaroon ng malaking pagsulong ang K to 12 na kurikulum sa Pilipinas mula noong unang taon ng implementasyon taong 2011 kumpara sa kasalukuyan. Nagkaroon ito ng ilang mga pagpapalit at pagbabago sa estruktura at oryentasyon (Doll, 2001). Mula sa mga pagsulong at pagpapahusay ng kurikulum, nakabatay sa tamang pagpaplano, malinaw na paliwanag, at pagtanggap ang ikatatagumpay nito. Tunay na malaki ang pinagkaiba ng Gabay Kurikulum bersiyon 2012 at 2013 na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon noong pagpasok ng taong ito.

Upang makaagapay ang mga paaralan at guro sa pagpaplano at implementasyon ng mga pagbabago, kinakailangan ng mga prosesong tutukoy sa mga nabawas, nadagdag, at napalitang bahagi. Ang maituturing na pinakasimple ngunit kapaki-pakinabang na proseso ay ang paghahambing *(curriculum crosswalk)* at pagmamapa *(curriculum mapping)* ng mga nilalaman nito. Nilalayon nito na (1) malaman ang mga ispesipikong pagbabago; (2) matiyak ang *spiral progression;* (3) masuri at maaral ang mga puwang na maaaring maidulot ng pagbabago at nang sa gayon ay mapunan; at (4) masiguro ang integrasyon ng mga kinakailangang nilalaman ng partikular na disiplina (Jacobs, 2009).

### Ang *Curriculum Crosswalk*

Ang mga partikular na salik ng kurikulum na nagkaroon ng malaking pagbabago ay ang pamantayang pangnilalaman, pamantayang pagganap, at mga batayang kasanayan. Upang matukoy ang mga pagbabago at makapagplano ng mga nararapat na hakbang sa tamang implementasyon nito, kinakailangan ang *curriculum crosswalk*. Tumutukoy ang terminong ito sa proseso ng paghahambing at/o pagtukoy ng pagkakaiba o paghahanay ng mga inaasahang pamantayan at kasanayan (Bitters and Wigner, 2009).

### Bakit kailangan ang *curriculum crosswalk*?

Nagagawang matukoy ng *curriculum crosswalk* ang mga puwang sa pagitan ng kasalukuyang mga pamantayan at batayang kasanayan at mga inaasahang kaalaman at kakayahang hinihingi ng isang partikular na disiplina. Magagamit ang mga puwang at kakulangan upang makalinang pa ng mga bagong kakayahan, karagdagang gawain, bagong aralin, at/o bagong pagkakataon na matamo ng mga mag-aaral ang mga kinakailangang kaalaman at kasanayan.

### Kailan nararapat gawin ang *curriculum crosswalk*?

Nararapat lamang na gawin ang *curriculum crosswalk* bago pa makabuo ng silabus ng isang kurso o bago pa maiayos ang saklaw at pagkakasunod-sunod ng nilalaman ng isang aralin. Nagagawa nitong maikonsidera ang pagsasama ng mga bagong kahingian ng kurikulum sa pagdidisenyo ng instruksiyon at materyal panturong ginagawa ng mga guro.

### Hakbang sa Pagsasagawa ng *Curriculum Crosswalk*

**Una:**

Kilalanin ang mga taong nararapat na magsuri ng Gabay Kurikulum.

- Ang mga taong ito ang bubuo ng mga hakbang na gagawin sa pagsusuri ng kurikulum.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

- Gagawin din ng mga taong ito ang dokumentasyon at pagsasaayos ng nilalaman ng kurikulum batay sa kanilang mga natuklasan.

**Pangalawa:**

Pagsama-samahin ang mga kinakailangang pamantayan at mga nararapat na ihambing.

- Pamantayang Pangnilalaman
- Pamantayang Pagganap
- Mga Batayang Kasanayan

Halimbawa:

| | Estratehiya sa Pag-aaral | |
|---|---|---|
| **Disyembre 2012** | **Ugnayan** | **Disyembre 2013** |
| • Natutukoy ang mga bahagi ng aklat at ang kahalagahan ng bawat isa<br>- Talaan ng Nilalaman<br>- (Talahuluganan)Glossary<br>• Nagagamit nang wasto ang mga bahagi ng aklat upag matugunan ang pangangailangan<br>• Nakasusunod nang wasto sa mga panuto<br>• Napagsusunud-sunod ang mga salita batay sa alpabeto<br>• Naibibigay ang kahulugan ng mga simpleng mapa ng mga pamilyar na lugar<br>• Nakagagamit ng graphic *organizers*, pagtatala ng mga impormasyon mula sa tekstong napakinggan/ nabasa<br>• Natutukoy ang mga nakikita sa silid-aklatan at ang kahalagahan ng bawat isa<br>• Nakasusunod sa mga tuntunin sa paggamit ng silid-aklatan<br>• Naibibigay ang kahulugan ng mga *pictograph* | | **F1EP-IIe-2**<br>Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng mapa<br>**F1EP-IIIb-1.2**<br>Napagsusunod-sunod ang mga salita batay sa alpabeto (unang letra ng salita)<br>**F1EP-IIId-3.2;3.3;3.4**<br>Natutukoy ang mga bahagi ng aklat at ang kahalagahan ng bawat isa tulad ng Talaan ng Nilalaman. Index, May-akda, at Tagaguhit<br>**F1EP-IIIg-2.1**<br>Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng talaan<br>**F1EP-IIIh-4.1**<br>Nagagamit nang wasto at ayos ang silid-aklatan at mga dapat ikilos o iasal sa silid-aklatan<br>**F1EP-IVc-1.3**<br>Napagsusunod-sunod ang mga salita batay sa alpabeto o unang dalawang letra ng salita<br>**F1EP-IVf-5**<br>Nagagamit nang wasto ang Talaan ng mga Nilalaman<br>**F1EP-Ivh-2.2**<br>Nabibigyang-kahulugan ang mga simpleng *pictograph*<br>**F1EP-IVi-4.2**<br>Nagagamit nang wasto at maayos ang silid-aklatan at pangangalaga sa mga kagamitang makikikita sa silid-aklatan |

Pansinin na isa-isang ikinumpara ang mga kasanayan. Nagagawa nitong maipakita hindi lamang kung ano ang nangyari sa isang partikular na kasanayan kundi gayon din ang malinaw na larawan kung anong uri ng pagbabago ang naganap dito. Sa natunghayang halimbawa, matutukoy ang mga kasanayang nadagdag, nawala, nanatili, nailipat, at nagkaroon ng rebisyon.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Pangatlo:**

Suriin at markahan ang mga nakitang pagbabago sa mga pamantayan at kasanayan.

Itala ang mga kakulangan at puwang ng kurikulum. Natitiyak ng bahaging ito ang *curriculum crosswalk* na ang mga batayang kasanayan ay nakaayos batay sa *spiral progression*. Sa punto ring ito, makikita ng mga guro ang mga nilalamang nararapat pang isaayos.

Halimbawa:

| **Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan** | | |
|---|---|---|
| **Disyembre 2012** | **Kaugnayan** | **Disyembre 2013** |
| • Mapahalagahan ang mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng maayos na pakikinig | rebisyon<br>⟷<br>Pansinin na pakikinig lamang ang paraang sinasabi ng Gabay 2012 samantalang aktibong pakikilahok naman ang hinihingi ng Gabay 2013.<br>Malinaw na pinaniniwalaan ng huli na mas matatamo ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa tekstong pampanitikan kung sila mismo ang makikipagdiskusyon tungkol dito kaysa makinig lamang. | **F4PL-Oa-j-4**<br>Napapahalagahan ang mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa usapan at gawaing pampanitikan |

**Pang-apat:**

Ihanay ang mga pamantayang hinihingi ng kurikulum.

- Matapos na maitala ang isang komprehensibong sinopsis ng mga pamantayan at mabuo na ang mga inaasahan, kinakailangang ihambing naman ito sa layunin at tunguhin ng asignatura sa saklaw at pagkakasunod-sunod ng aralin, at sa buong kurikulum.
- Itinuturing na pinakamabisang paraan ay ang pagtingin sa kabuuan ng kurikulum at sa lahat ng iba pang disiplina (pahalang at pataas na ayos ng mga paksa/nilalaman).
- Matutupad ng hakbang na ito ang tamang integrasyon, maiiwasan ang duplikasyon, at magagamit nang tama ang panahong gugugulin sa pagtamo ng mga kaalaman.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Panlima:**

Muling idinesenyo ang kurikulum upang maitama at maisaayos ang nakitang kakulangan.

- Magdisenyo ng bagong kurso o gawan ng rebisyon ang kasalukuyang kurso.
- Magdisenyo ng mga gawain o araling tutugon sa hinihingi ng bagong pamantayan.
- Isaayos ang mga nilalaman, gayon din ang mga paraan ng pagtuturo at estratehiya ng pagkatuto upang mapunan ang mga natuklasang kakulangan.

**Pang-anim:**

Magdisenyo ng mga pagtataya na titiyak sa pagtamo ng mga pamantayan.

- Mahalaga na matiyak ang tagumpay ng mga mag-aaral higit kung ang nais na matamo ng kurikulum ay ang pagkadalubhasa ng mga ito sa mga hinihinging kasanayan.
- Kinakailangang makabuo ng mga pamamaraan at kagamitang pampagtataya na may tuwirang kaugnayan sa mga pamantayan.

Sa malalim na pagtingin sa *crosswalk*, matutukoy ng mga guro ang mga kasanayang kinakailangang linangin. Kaya naman, makagagawa na ang mga ito ng mga pagtatayang tutulong sa pagtatamo ng mga *target* na kakayahan.

Isang limitasyon lamang ng gawaing ito ay ang pagtukoy kung anong kagamitang pampagtataya ang gagamitin. Makatutulong naman na matugunan ang limitasyong ito ng mapang pangkurikulum na mabubuo din sa pamamagitan ng paggamit ng *crosswalk*.

**Pampito:**

Gumawa ng plano ng pagpapatupad.

- Isama rito ang iskedyul, kagamitang kakailanganin, mga propesyonal na pagsasanay, kakaharaping balakid, at mga kapakinabangan.
- Ang mga propesyonal na pagsasanay ay kinakailangang makapagbigay ng gabay sa mga guro sa kanilang pagharap sa nangyaring pagbabago.
- Ang mga realistikong iskedyul ng implementasyon ang nararapat na mabuo.

**Pangwalo:**

Tasahin ang natuklasan.

- Ang plano ng implementasyon ay nararapat ding nagtataglay ng tamang datos upang maidokumento ang mga resulta ng pagbabago sa pagkatuto ng mga mag-aaral.
- Pagtibayin ang konsepto ng tuloy-tuloy na pagpapaunlad bilang konsiderasyon at pagtanggap na patuloy ang pagbabago at pagsusulong ng bagong kurikulum.

Sa Rex Pointers, ibinigay na sa mga guro ang hakbang isa hanggang lima. Kaya naman, hindi na kinakailangang daanan pa ng mga guro ang komplekadong proseso ng pagtukoy sa mga pagbabago at ang pagbuo ng mga banghay-aralin na nagtataglay ng kahingian ng bagong bersiyon ng kurikulum.

## Kapakinabangan ng Pagsasagawa ng *Curriculum Crosswalk*

Ang mga sumusunod ang kapakinabangan ng *curriculum crosswalk*:

1. Isang simple at malinaw na paraan ng pag-unawa sa koneksyon ng dalawang bersiyon ng kurikulum ang *crosswalk*. Isang makabuluhang pagpapaliwanag ito ng mga pagbabago sa pamantayan at batayang kasanayan.
2. Isang mahusay na kagamitan ito sa pagsusuri. Matutukoy nito ang mga puwang at kahinaan ng mga pamantayan at nakalilikha ito ng bagong ideya/pagtalakay kung paanong mapupunan ang mga puwang. Mahalagang tulong din ito sa muling pagsulat at rebisyon ng mga pamantayan.
3. Mapatitibay ng *crosswalk* ang katumpakan ng mga kaalamang natuklasan. Maituturo din nito kung hanggang saan ang konseptong dapat saklawin ng kasanayan. Gayon din, maipakikita nito ang kahalagahan ng mga nabuong pagtataya.

## Limitasyon ng *Crosswalks*

Subalit, hindi nararapat na gamitin ang *crosswalks* upang:

1. Pag-ugnayin ang pamantayan at ang pagtataya. Hindi ito isang mahusay na paraan sa pagsasaayos ng nararapat na nilalaman ng mga pagsusulit. Nagagawa lamang nitong mailarawan ang mga dapat na nilalaman. Kinakailangan pa ng mga guro kung gayon na magsagawa pa ng malalim na pagsusuri upang matukoy ang mga nararapat na tayahin.
2. Sumulat ng mga pamantayang babagay sa laman ng gagawing pagsusulit.
3. Gamitin sa pagsuporta sa argumentong nagpapatibay ng kawastuhan ng naidisenyong pagtataya. Nagagawa lamang nitong maipakita ang koneksiyon (halimbawa, *face validity*), subalit hindi ito sapat upang gamiting basehan ng katumpakan.

Sa kabila ng mga limitasyong nabanggit, masasabing mas malaki pa rin ang bentahe ng pagsasagawa ng *curriculum crosswalk*. Nakatutulong ito sa pagbuo ng mga karagdagang aralin na magagamit ng mga guro sa pagtuturo ng mga dagdag at nabagong batayang kasanayan.

## Sanggunian:


1. Doll, Robert C. (2009). *Curriculum Improvement Decision Making and Process*. New York, USA: Allyn and Bacon.
2. Jacobs, H and Johnson, A. (2009). *Curriculum Mapping Planner*. Virginia, USA: ASCD.
3. Ornstein, Behar-Horenstein, et al. (2003). *Contemporary Issues in Curriculum 3rd Edition*. Boston, USA: Pearson.
4. http://cte.dpi.wi.gov/files/cte/pdf/curriccrosswalk.pdf
5. www.adultedcontentstandards.ed.gov/.../Using%20Crosswalks%20for%2...
6. http://www.deped.gov.ph/ (Department of Education 2013 Curriculum Guides)




Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Pagtugon sa Naging Pagbabago sa Kurikulum

Tulad ng wika, dinamiko din ang kurikulum. Nagkakaroon ito ng pagbabago batay sa pangangailangan ng kasalukuyang mag-aaral. Simula nang isakatuparan ang K to 12 kurikulum, makailang beses nang nagpalit din ng porma, batayang kasanayan, at iba pang nilalaman ang opisyal na Gabay Pangkurikulum hindi lamang sa araling Filipino kundi pati na rin sa iba pang aralin mula baitang Kinder hanggang baitang 10. Sa artikulong ito, pagtutuunan ang pagtingin sa mga naging pagbabago sa Araling Filipino.

Nahahati sa tatlong bahagi ang sulating ito. Mababasa sa unang bahagi ang pangkalahatang pagbabago sa Kurikulum sa Filipino batay sa naging pagkukumpara sa Gabay 2012 at Gabay 2013. Iisa-isahin ang mga naging rebisyon mula sa konseptuwal na balangkas ng pagtuturo ng Filipino, mga pamantayan, at iba pang nilalaman nito.

Makikita naman sa pangalawang bahagi ang mga pagkukumpara sa tatlong *domain* (pag-unawa sa napakinggan, gramatika, at estratehiya sa pag-aaral) upang mas mahusay na mailarawan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ang mga partikular na batayang kasanayang nanatili, narebisa, natanggal, at nadagdag. Sa ganitong paraan, maiaayon at maitatama ng mga guro ang kanilang mga banghay-aralin batay sa bagong Gabay Pangkurikulum.

Matapos na matukoy ang mga pagbabago, higit ang mga nadagdag na kasanayan, matutunghayan sa ikatlong bahagi ang ilang gawaing pangklasrum. Maaaring magamit ito ng guro upang maisama sa kanilang banghay-aralin na makapagsasanay sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayang pangwika.

## UNANG BAHAGI

Pangkalahatang Pagbabago sa Kurikulum sa Filipino
Bersiyong 2013 vs Bersiyong 2014

Enero ng taong ito nang ini-*upload* ng Kagawaran ng Edukasyon ang opisyal na Gabay Pangkurikulum para sa Filipino G1–G10. Sa bersiyong ito, marami ang naging pagbabago tulad ng pagkawala ng dati at pagkakaroon naman ng mga bagong kompetensi, paglalatag ng mga kompetensi sa bawat linggong aralin, at pati na ang pagbanggit ng *genre* ng panitikang gagamiting lunsaran ng aralin.

### I. Konseptuwal na Balangkas

Hindi naging ligtas maging ang konseptuwal na balangkas sa mga pagbabagong naganap sa kurikulum. Tingnan ang mga halimbawa sa susunod na pahina.

| Gabay 2012 | Gabay 2013 |
|---|---|
| Buo at Ganap na *Pilipino* na May Kapaki-pakinabang na Literasi | Buo at Ganap na *Filipino* na May Kapaki-pakinabang na Literasi |

Sa Gabay 2012, ginamit ang salitang Pilipino bilang pantukoy sa tao samanatalang sa Gabay 2013, Filipino ang ginamit bilang pantukoy sa tao. Wala namang naging pagbabago sa deskripsiyon ng konseptuwal na balangkas. Kapuwa nagtataglay ang mga ito ng parehong konsepto.

## II. Pagbabago sa Pamantayan

Nagkaroon din ng pagbabago o rebisyon sa mga pamantayan tulad ng halimbawa sa ibaba.

Sa Gabay 2012, magkakasama ang *Pamantayan sa Programa* samantalang sa Gabay 2013, ginawang magkahiwalay ang mga pamantayan sa programa ng Baitang 1–6 at Baitang 7–10. Mas mainam ito sapagkat mas tiyak ang inaasahang pamantayan mula sa Baitang 1-6 at Baitang 1–7.

### Pamantayan sa Programa

| Gabay 2012 | Gabay 2013 |
|---|---|
| Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa pamamagitan ng iba't ibang babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. | **Pamantayan ng Programa ng Baitang 1-6**<br>Nagagamit ang wikang Filipino upang madaling maunawaan at maipaliwanag ang mga kaalaman sa araling pangnilalaman, magamit ang angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan, damdamin o karanasan nang may lubos na paggalang sa kultura ng nagbibigay at tumatanggap ng mensahe.<br>**Pamantayan ng Programa ng Baitang 7-10**<br>Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi. |

Partikular na binanggit sa bagong bersiyon ang mga babasahing gagawing lunsaran ng mga gawaing magsasanay sa komunikatibo, mapanuring pag-iisip, pag-unawa at pagpapahalang pampanitikan, at kultural na literasi ng mga mag-aaral sa hayskul. Ito ay ang mga akdang rehiyonal, pambansa, Asyano, at pandaigdig.

## III. Pagbabago sa Pangkalahatang Pamantayan sa Bawat Yugto

Nakita rin ang pagbabago sa Pangkalahatang Pamatayan sa Bawat Yugto partikular sa Baitang 1–3 at 4–6. Samantala nanatili naman ang pamantayan para sa yugtong Baitang 7–10 at Baitang 11–12.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## A. Gabay 2012

| K – 3 | 4 – 6 | 7 – 10 | 11 – 12 |
|---|---|---|---|
| Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo, mapanuring pag-iisip sa wikang katutubo (MT) at Filipino sa tulong ng mga lokal na babasahin at teknolohiya upang mapaunlad ang sarili at mapahalagahan ang sariling kultura | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagahang pampanitikan sa tulong ng iba't ibang anyo ng panitikan at teknolohiya upang makaangkop at makibahagi sa pag-unlad ng tahanan at pamayanan | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang pampanitikang rehiyonal, pambansa, saling-tekstong Asyano at pandaigdig at teknolohiya upang matamo ang kultural na literasi | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng iba't ibang disiplina at teknolohiya upang magkaroon ng akademikong pag-unawa |

## B. Gabay 2013

| K – 3 | 4 – 6 | 7 – 10 | 11 – 12 |
|---|---|---|---|
| Sa dulo ng Baitang 3, nakakaya ng mga mag-aaral na ipakita ang kasanayan sa pag-unawa at pag-iisip sa mga narinig at nabasang teksto at ipahayag nang mabisa ang mga ibig sabihin at nadarama. | Sa dulo ng Baitang 6, naipapakita ng mga mag-aaral ang sigla sa pagtuklas at pagdama sa pabigkas at pasulat na mga teksto at ipahayag nang mabisa ang mga ibig sabihin at nadarama. | Sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyonal, pambansa at salintekstong Asyano at pandaigdig upang matamo ang kultural na literasi. | Sa dulo ng Baitang 12 naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng iba't ibang disiplina at teknolohiya upang magkaroon ng akademikong pag-unawa |

Kung ang pagbabatayan lamang ay ang Pamantayan sa Bawat Yugto na wala namang naging pagbabago para sa Baitang 7–10, hindi gaanong mahihirapan ang mga guro sa sekundarya na maghanap pa ng ibang pamamaraan sa pagtuturo ng mga panitikang rehiyonal, pambansa, Asyano, at pandaigdig. Ngunit, hindi lamang naman ito ang batayan ng pagbuo ng mga gawaing pangklasrum at sa pagsulat ng banghay-aralin ng mga guro.

## III. Pagbabago sa Tiyak na Pamantayan sa Baitang 7-10

Sa Gabay 2012, hindi litaw ang mga inaasahang pagkatuto (*learning competencies*) sa mga makrong kasanayan sa halip, mga kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan.

**Gabay 2012**

**BAITANG 7-10**
**(Filipino)**

| |
|---|
| **Pamantayan ng Programa *(Program Standard)*** - Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng **kultural na literasi**. |

| |
|---|
| **Pamantayan para sa Baitang 7** - Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **rehiyunal** upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon. |

| |
|---|
| **Pamantayan para sa Baitang 8** - Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **pambansa** upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino. |

| |
|---|
| **Pamantayan para sa Baitang 9** - Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at **saling-akdang Asyano** upang mapatibay ang pagkakakilanlang Asyano. |

| |
|---|
| **Pamantayan para sa Baitang 10** - Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at **saling-akdang pandaigdig** tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global. |

**Gabay 2013**

| | |
|---|---|
| 7 | Pagkatapos ng **Ikapitong Baitang**, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **rehiyunal** upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon. |
| 8 | Pagkatapos ng **Ikawalong Baitang**, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip,at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **pambansa** upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino. |
| 9 | Pagkatapos ng **Ikasiyam na Baitang**, Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo,mapanuring pag-iisip,at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at **saling-akdang Asyano**upang mapatibay ang pagkakakilanlang Asyano. |
| 10 | Pagkatapos ng **Ikasampung Baitang**, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at **saling-akdang pandaigdig** tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global. |

Tulad ng pamantayan sa bawat yugto 7–10, wala ring naging pagbabago sa pamantayan sa bawat baitang. Kung gayon, sa darating na taong pampaaralan 2014–2015, hindi na maninibago ang mga guro at mag-aaral sa hayskul kung ano ang tema o saan nagmula ang mga babasahing kanilang tatalakayin sa buong taon ng pag-aaral.

## IV. Mga Pamagat ng Bawat Kolum

Mayroon lamang apat na kolum ang Gabay 2012 na binubuo ng Kakayahan, Pamantayang Pangnilalaman, Pamantayang Pagganap, at Batayang Kasanayan.

**Gabay 2012**

K to 12 Filipino 7

| | | | |
|---|---|---|---|
| PROGRAM STANDARD (PAMANTAYAN NG PROGRAMA) | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng **kultural na literasi**. | | |
| KEY STAGE STANDARD | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang pampanitikang rehiyonal, pambansa, saling-tekstong Asyano at pandaigdig at teknolohiya upang matamo ang kultural na literasi | | |
| GRADE LEVEL STANDARD (PAMANTAYAN PARA SA BAITANG 7) | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **rehiyunal** upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon. | | |
| **DOMAIN (KAKAYAHAN)** | **Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)** | **Pamantayan sa Pagganap (Performance Standard)** | **Batayang Kasanayan** |
| **Pag-unawa sa Napakinggan** | Ang mag-aaral ay...<br>• naipamamalas ang pag-unawa sa mga impormasyon, konteksto, at epekto ng suprasegmental sa kahulugan ng tekstong napakinggan | Ang mag-aaral ay...<br>• nakapagbabahagi ng sariling pagpapakahulugan/ interpretasyon sa tekstong napakinggan | Ang mag-aaral ay...<br>• **Nakapagbibigay-hinuha sa konteksto ng pinakikinggan ayon sa lugar, kausap at paksa**<br>✓ Nakapagbibigay ng paksa ng tekstong napakinggan<br>✓ Nakalilikom ng mahahalagang impormasyon mula sa tekstong napakinggan<br>✓ Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa tekstong napakinggan<br>✓ Nakapagbibigay-hinuha sa |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Gabay 2013**

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN**

| Pag-unawa sa Napakinggan (PN) | Pag-unawa sa Binasa (PB) | Paglinang ng Talasalitaan (PT) | Panonood (PD) | Pagsasalita (PS) | Pagsulat (PU) | Wika at Gramatika (WG) | Estratehiya sa Pag-aaral (EP) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kuwentong-bayan (6 na sesyon)<br><br>F7PN-Ia-b-1<br>Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan | F7PB-Ia-b-1<br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa | F7PT-Ia-b-1<br>Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap | F7PD-Ia-b-1<br>Nasusuri gamit *ang graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan | F7PS-Ia-b-1<br>Naibabalita ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na pinagmulan ng alinman sa mga kuwentong-bayang nabasa, napanood o napakinggan | F7PU-Ia-b-1<br>Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito | F7WG-Ia-b-1<br>Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay | F7EP-Ia-b-1<br>Nailalahad ang mga hakbang na ginawa sa pagkuha ng datos kaugnay ng isang proyektong panturismo |

*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Disyembre 2013* — Pahina 88 *ng 141*

Samantala, mayroon namang kabuuang walong kolum ang Gabay 2013. Nahahati ito sa Pag-unawa sa Napakinggan, Pagsasalita, Pagbasa, Pagsulat, Panonood, at Pagpapahalaga sa Wika at Panitikan, Pag-unawa sa Binasa, Paglinang ng Talasalitaan, Panonood, Pagsulat, Wika at Gramatika, at Estratehiya sa Pag-aaral.

## V. Kategorya ng Batayang Kasanayan

Sa Gabay 2013, naikategorya ang mga Batayang Kasanayan ayon sa limang makrong kasanayan sa pakikipagtalastasan. Malaking kaibahan ito sa Gabay 2012 kung saan nasa iisang kolum ang listahan ng Batayang Kasanayan sa bawat *domain* at bahala ang guro kung kailan o anong linggo ituturo ang bawat isang kasanayan sa loob ng isang markahan.

**Gabay 2012**

| DOMAIN | Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap | Batayang Kasanayan |
|---|---|---|---|
| Pag-unawa sa Binasa | | | |
| | Ang mag-aaral ay...<br>• naipamamalas ang pag-unawa sa kasiningan, pangyayari, motibo ng may-akda at bisa ng akdang binasa | Ang mag-aaral ay...<br>• nakapagmumung-kahi ng solusyon sa ilang suliranin sa kasalukuyan gamit ang kaisipang hatid ng akdang binasa | • **Nakapaglalahad ng mungkahing solusyon, kongklusyon, paniniwala at bisa ng akda sa sarili**<br>✓ Nakapagbibigay ng mga opinyon tungkol sa mga akdang binasa<br>✓ Nakapagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda<br>✓ Nakapagbibigay ng sariling hinuha sa kahihinatnan ng mga pangyayari sa akda<br>✓ Nakapagbibigay-halaga sa kasiningan at kabuluhan ng mga tekstong binasa ayon sa pamantayang pansarili<br>✓ Nakapangangatuwiran sa kaangkupan ng pagiging makatotohanan at di-makakatohanan ng binasang akda<br>✓ Nakapagbibigay-hinuha sa pangyayari, kaalaman at pakay/motibo ng may akda<br>✓ Nakagagamit ng mga kaisipang inilahad sa teksto sa pagpapaliwanag o pagpapahayag ng ibang bagay na nasa labas ng teksto |

Mapapansin sa bagong gabay, nakalatag ang mga kompetensi ayon sa kung anong linggo ng markahan dapat itong linangin. Walang ganitong pagkakaayos sa naunang gabay. Pansinin din ang pagkakaroon ng *code* ng bawat kompetensi sa bagong bersiyon.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Gabay 2013**

| LINGGO | Pakikinig (Pag-unawa sa Napakinggan) | Pagsasalita | | Pagbasa | | | | | Pagsulat | | Estratehiya sa Pag-aaral | Pagpapahalaga sa Wika, at Panitikan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | (Wikang Binibigkas) | Gramatika (Kayarian ng Wika) | Kamalayang Ponolohiya | Pag-unlad ng Talasalitaan | Palabigkasan at Pagkilala sa Salita | Kaalaman sa Aklat at Limbag | Pag-unawa sa Binasa | Pagsulat at Pagbaybay | Komposisyon | | |
| 1 | F1PN-IIa- 3 Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula | F1PS-IIa-2 Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan | F1WG-IIa-1 Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon pagpapakilala ng sarili | | | F1PP-IIa-1 Nasasabi ang mensaheng nais ipabatid ng nabasang pananda patalastas babala o paalala | | | F1PU-II a-1.11: c 1.2; 1.2a Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra<br><br>Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra | | F1EP-IIa-1.1 Napagsusunod-sunod ang mga alpabeto (unang letra ng salita) | F1PL-0a-j-2 Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon |
| 2 | F1PN-IIb-5 Naisasakilos ang napakinggang awit | | | F1KP-IIb-1 Nabibigkas nang wasto ang tunog ng bawat letra ng alpabetong Filipino | F1PT-IIb-f-6 Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kumpas, galaw, ekspresyon ng mukha; ugnayang salita-larawan | | F1AL – IIb-1 Nasasabi ang nilalaman ng aklat batay sa pabalat | | | F1KM-IIb-1 Nasisipi nang wasto at malinaw ang salita mula sa huwaran | | F1PL-0a-j-3 Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa |
| 3 | F1PN-IIc-6 Naiguguhit ang naibigang bahagi ng napakinggang kuwento (batay sa tunay na buhay) | F1PS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan | F1WG-IIc-f-2 Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari | F1KP-IIc-2 Nabibilang ang salita sa isang pangungusap | | | F1AL –IIc-2 Natutukoy ang pamagat, may- akda, tagaguhit ng aklat o kuwento | | F1PU-II a-1.1-c-1.2.; 1.2a Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra<br><br>Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra | | | F1PL-0a-j-4 Napahahalagahan ang mga tekstong pampanitikan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa usapan at gawaing pampanitikan |
| 4 | F1PN-IId- 1.1 Nakasusunod sa napakinggang | F1PS-IId-8.1 Nakapagbibigay ng maikling | F1WG-IIc-f-2 Nagagamit | F1KP-IId-3 Napapantig ang mga salita | F1PT-IIb-f-6 Natutukoy ang | F1PP-IId-3 Napagyayaman ang talasalitaan | | | | | | F1PL -0a-j-3 Naipamamal |

*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Disyembre 2013* Pahina 7 *ng 141*

## VI. Preskriptibong Tekstong Panliteratura

Walang partikular na tekstong panliteraturang binabanggit sa Gabay 2012 na siya namang makikita sa Gabay 2013.

**Gabay 2012**

K to 12 Filipino 7

| | |
|---|---|
| PROGRAM STANDARD (PAMANTAYAN NG PROGRAMA) | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng **kultural na literasi**. |
| KEY STAGE STANDARD | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang pampanitikang rehiyonal, pambansa, saling-tekstong Asyano at pandaigdig at teknolohiya upang matamo ang kultural na literasi |
| GRADE LEVEL STANDARD (PAMANTAYAN PARA SA BAITANG 7) | Naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang **rehiyunal** upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon. |

Tatlong hanay lamang ang makikita sa unang pahina ng pang-Baitang 7 na para lamang sa pamantayan ng programa, pamantayan ng yugto, at pamantayan para sa baitang. Samantala, may limang hanay naman sa bagong bersiyon na para sa tema ng markahan, pamantayang pangnilalaman, pamantayang pagganap, *genre* ng panitikang tatalakayin, araling panggramatika, at bilang ng sesyon. Mas detalyado ang impormasyon na makikita sa Gabay 2013.



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Bagama't walang nabago sa pamantayan ng bawat yugto at bawat baitang sa lebel sekundarya, isang napakalaking pagbabago ang pagkakaroon ng tema bawat markahan at higit sa lahat ang kahingian kung saang rehiyon manggagaling ang *genre* sa bawat linggong aralin.

**Gabay 2013**

UNANG MARKAHAN

| | |
|---|---|
| TEMA | Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao |
| PAMANTAYANG PANGNILALAMAN | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao |
| PAMANTAYAN SA PAGGANAP | Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo |
| PANITIKAN | Kuwentong-bayan, Pabula, Epiko, Maikling kuwento, Dula |
| GRAMATIKA | Mga Pahayag na Nagbibigay ng mga Patunay<br>Mga Eskpresyon ng Posibilidad<br>Pang-ugnay na Ginagamit sa Pagbibigay ng Sanhi at Bunga<br>Pang-ugnay na Ginagamit sa Panghihikayat<br>Pang-ugnay na Ginagamit sa Paghahayag ng Saloobin<br>Mga Retorikal na Pang-ugnay<br>Mga Pangungusap na Walang Tiyak na Paksa |
| BILANG NG SESYON | 40 sesyon/ 4 na Araw sa Loob ng Isang Linggo |

MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN

| Pag-unawa sa Napakinggan (PN) | Pag-unawa sa Binasa (PB) | Paglinang ng Talasalitaan (PT) | Panonood (PD) | Pagsasalita (PS) | Pagsulat (PU) | Wika at Gramatika (WG) | Estratehiya sa Pag-aaral (EP) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kuwentong-bayan (6 na sesyon)<br>F7PN-Ia-b-1<br>Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan | F7PB-Ia-b-1<br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa | F7PT-Ia-b-1<br>Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap | F7PD-Ia-b-1<br>Nasusuri gamit *ang graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan | F7PS-Ia-b-1<br>Naibabalita ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na pinagmulan ng alinman sa mga kuwentong-bayang nabasa, napanood o napakinggan | F7PU-Ia-b-1<br>Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito | F7WG-Ia-b-1<br>Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay | F7EP-Ia-b-1<br>Nailalahad ang mga hakbang na ginawa sa pagkuha ng datos kaugnay ng isang proyektong panturismo |

Isang malaking hamon ito sa guro ng Filipino sa hayskul sapagkat hindi ganoon kadaling maghanap ng akdang rehiyonal tulad ng nasa unang linggo ng Unang Markahan para sa Baitang 7 na kuwentong-bayan mula sa Mindanao. Isa lamang ito sa labinlimang akdang pampanitikan para sa isang baitang sa sekundarya. Bukod pa ang pagkakaroon ng tema sa pagtuturo ng mga Obra Maestra sa ikaapat na markahan.

## VII. Mga Batayang Kasanayang Nawala, Narebisa, at Nadagdag

Sa ginawang paghahambing ng mga batayang kasanayan ng Gabay 2012 at Gabay 2013 na maraming kasanayan ang nawala, narebisa, at nadagdag. Bagama't may mga kasanayang sa unang tingin ay pareho lamang, mapapansin ang pagkakaiba ng gamit ng wika at paraan ng pagpapahayag.

Makikita sa ibaba ang paghahambing ng batayang kasanayan sa *Domain* ng Pakikinig sa unang markahan para sa Baitang 7.

| Gabay 2012 | Gabay 2013 | | Gabay 2012 |
|---|---|---|---|
| **Batayang Kasanayan Pag-unawa sa Napakinggan** | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)** | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)** | **Batayang Kasanayan Pag-unawa sa Napakinggan** |
| • Nakapagbibigay-hinuha sa konteksto ng pinakikinggan ayon sa lugar, kausap at paksa<br>• Nakapagbibigay ng paksa ng tekstong napakinggan<br>• Nakalilikom ng mahahalagang impormasyon mula sa tekstong napakinggan<br>• Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa tekstong napakinggan<br>• Nakapagbibigay-hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari ng tekstong napakinggan | Pabula<br>(6 na sesyon)<br>**F7PN-Ic-d-2**<br>Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan | Dula<br>(7 sesyon)<br>**F7PN-Ih-i-5**<br>Nailalarawan ang paraan ng pagsamba o ritwal ng isang pangkat ng mga tao batay sa dulang napakinggan | Nakalilikom ng mahahalagang impormasyon mula sa *media* (radyo, telebisyon, pahayagan, at iba pa)<br>Nakapagtatala ng mga detalye ng napakinggang *media*<br>Nakapagbibigay ng sariling kuro-kuro, saloobin at pananaw tungkol sa napakinggang *media*<br>Nakapagpapaliwanag ng kabuluhan ng napakinggang *media*<br>Nakapaglalahad ng mga napapanahong isyu mula sa napakinggang *media* |
| • Nakapagsasaayos ng mga ideya o impormasyong napakinggan<br>• Nakapaglalahad ng mga detalye ng tekstong napakinggan<br>• Nakapaglalahad ng magkakasunod-sunod at magkakaugnay na pangyayari ng tekstong napakinggan<br>• Nakabubuo ng mga tanong batay sa tekstong napakinggan | Epiko<br>(7 sesyon)<br>**F7PN-Id-e-3**<br>Nakikilala ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita<br><br>Maikling Kuwento<br>(7 sesyon)<br>**F7PN-If-g-4**<br>Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan | Pangwakas na Gawain<br>(8 sesyon)<br>**F7PN-Ij-6**<br>Naiisa-isa ang mga hakbang na ginawa sa pananaliksik mula sa napakinggang mga pahayag | Nakapagpapaliwanag ng kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental (tono, antala, haba at diin), at mga di-pasalitang palatandaan (*non-verbal clues*) sa tekstong napakinggan<br>Nakapagbibigay-hinuha sa mga detalye sa tekstong napakinggan batay sa paraan ng pagsasalita<br>Nakapaglalahad ng saloobin/damdamin at pananaw ng mga nagsasalita sa tekstong napakinggan batay sa paraan ng pagsasalita |

Sa dami ng kasanayang nakalista sa Gabay 2012, iisa lamang ang nakitang nananatili sa Gabay 2013 kung ikukumpara ang mga kasanayan sa unang markahan at ito ang paghihinuha ng kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang pampanitikan. Sa loob ng apat na markahan, tatlong kasanayan lamang ang parehong makikita sa dalawang bersiyon. Karamihan sa mga batayan sa Baitang 7 ng pinakahuling gabay ay mga bago.

Masasabi kung gayon na talagang malaki ang pinagkaiba ng Gabay 2012 at Gabay 2013. Ano-ano man ang naging pagbabago sa kurikulum, gaano man kahirap na baguhin ng isang guro sa Filipino ang nilalaman ng kanyang araling itinuturo pati na ang estratehiyang kaniyang ginagamit, kinakailangan niya ito iayon sa kahingian o pamantayan sapagkat responsibilidad niyang malinang ang mga kasanayan at maipaunawa ang kaalamang kinakailangan sa pagtamo ng BUO AT GANAP NA PILIPINO NA MAY KAPAKI-PAKINABANG NA LITERASI.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Mga Batayang Kasanayan sa Baitang 7

Sa bahaging ito, matutunghayan ang ilang pagkukumpara sa Batayang Kasanayan ng Gabay 2012 at 2013. Ang naka-*highlight* ng berde ang mga batayang walang ipinagbago. Naka-*highlight* naman sa asul ang mga kasanayang may rebisyon. Kulay dilaw ang mga nawalang kasanayan samantalang naka-*highlight* naman ng pula ang mga kasanayang matatagpuan sa Gabay 2013 na wala naman sa Gabay 2012.

### 1. Pag-unawa sa Binasa

Sa dami ng mga nakasulat na batayang kasanayan sa dalawang bersiyon ng gabay, halos walang natira sa mga nakalista sa naunang bersiyon. Kung susumahin, masasabing talagang bago ang pagtuturo ng Filipino sa hayskul. Halos hindi magagamit ang mga inihandang gawaing pangklasrum ng mga guro noong nakaraang taon dahil bukod sa bago ang mga batayang kasanayan, nabago rin ang mga tema bawat markahan. Pansinin ang mga pagtuon sa pagtalakay ng panitikan at kulturang Mindanao na siyang tema ng unang markahan.

Halos ganito rin ang kinalabasan ng ginawang paghahambing sa mga batayang kasanayan ng bawat *domain* sa baitang 7–10. Marami sa mga batayan sa Gabay 2012 ang hindi na matatagpuan sa Gabay 2013 sapagkat napalitan na ito ng napakaraming bagong kasanayan.

| Grade 7 Pag-unawa sa Binasa | | |
|---|---|---|
| **Disyembre 2012** | **Pagbabago** | **Disyembre 2013** |
| • Nakagagamit ng dating kaalaman at karanasan sa pag-unawa at pagpapakahulugan sa mga kaisipan sa teksto at akdang pampanitikan<br><br>Nakapagbibigay-kahulugan sa mga salita sa isang akda batay sa:<br>• pagkakagamit sa pangungusap<br>• denotasyon/konotasyon<br>• tindi ng pagpapakahulugan<br>• kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan<br>• kontekstuwal na pahiwatig<br><br>Nakapagpapaliwanag sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang akda | | **F7PB-Ia-b-1**<br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa<br>**F7PB-Ic-d-2**<br>Natutukoy at naipaliliwanag ang mahahalagang kaisipan sa binasang akda<br>**F7PB-Id-e-3**<br>Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari<br>**F7PB-If-g-4**<br>Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao<br>**F7PB-Ih-i-5**<br>Nasusuri ang pagka-makatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

| | | |
|---|---|---|
| Nakagagamit ng mga kaisipang inilahad sa teksto sa pagpapaliwanag o pagpapahayag ng ibang bagay na nasa labas ng teksto<br>Naiisa-isa ang katangian ng relasyon ng tao sa lipunan na inilalahad sa akda<br>Nasusuri ang mga elemento at sosyo-historikal na konteksto ng binabasang akda<br>Nakapagbibigay-halaga sa mga anyo ng panitikan alinsunod sa isang payak ngunit malinaw na kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas<br>Nakapaglalahad ng pangunahing ideya ng teksto<br>Nasusuri ang mga elemento ng alamat at kuwentong bayan<br>Natutukoy ang karaniwang tema ng mga alamat at kuwentong-bayan | | **F7PB-Ij-6**<br>Nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo<br>(halimbawa: pagsusuri sa isang *promo coupon o brochure*)<br>**F7PB-IIa-b-7**<br>Nabubuo ang sariling paghahatol o pagmamatuwid sa ideyang nakapaloob sa akda na sumasalamin sa tradisyon ng mga taga Bisaya<br>**F7PB-IIc-d-8**<br>Nahihinuha ang kaligirang pangkasaysayan ng binasang alamat ng Kabisayaan<br>**F7PB-IIe-f-9**<br>Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga tradisyunal na pagdiriwang ng Kabisayaan<br>**F7PN-IIg-h-10**<br>Nailalarawan ang mga natatanging aspetong pangkultura na nagbibigay-hugis sa panitikan ng Kabisayaan (halimbawa: heograpiya, uri ng pamumuhay, at iba pa)<br>**F7PB-IIi-11**<br>Nailalahad ang mga elemento ng maikling kuwento ng Kabisayaan<br>**F7PB-IIi-12**<br>Nasusuri ang kulturang nakapaloob sa awiting-bayan<br>**F7PB-IIIa-c-13**<br>Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda |

Tunghayan pa ang kasunod na ginawang paghahambing sa *domain* ng Pag-unawa sa Binasa nang lubos at malinaw na makita ang naging pagbabago sa isang partikular na kasanayan.

Iisa lamang ang kasanayang nanatili. May dalawang kasanayang nagkaroon ng rebisiyon at karamihan naman ng nasa Gabay 2012 ay nawala samantalang karamihan sa Gabay 2013, tulad ng nailarawan din sa itaas ay mga bagong kasanayan.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| Grade 7 Pag-unawa sa Binasa | | |
|---|---|---|
| **Disyembre 2012** | **Pagbabago** | **Disyembre 2013** |
| Nakapaglalarawan sa karaniwang katangian ng mga tauhan ng mga alamat at kuwentong bayan<br>Nakapaglalarawan sa mga katangian ng mga tagpuan ng mga akdang binasa<br>Nakapagsasalaysay ng banghay (mga pangyayari) sa kuwento<br>Nakapaghahambing ng mga katangian ng mga tauhan sa kuwento<br>Nakapagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda<br>Nakapaghahambing ng iba't ibang akdang pampanitikang rehiyunal<br>Nakapagpapaliwanag sa mga katangian ng panitikan na natatangi sa bawat rehiyon.<br>Nakapagpapaliwanag sa kaangkupan ng tagpuan sa paksa ng kuwento<br>Nakapaghahambing sa motif ng mga alamat at kuwentong-bayan<br>Nakapagbibigay ng haka sa kahalagahan ng mga alamat at kuwentong-bayan sa mga sinaunang lipunan<br>Nakapaglalahad ng mungkahing solusyon, kongklusyon, paniniwala, at bisa ng akda sa sarili<br>Nakapagbubuod ng tekstong binasa sa tulong ng mga pangunahin at pantulong na kaisipan<br>Nakapagbibigay ng mga opinyon tungkol sa mga akdang binasa | | **F7PB-IIIa-c-14**<br>Naihahambing ang mga katangian ng tula/ awiting panudyo, tugmang de gulong, at palaisipan<br>**F7PB-IIId-e-15**<br>Napaghahambing ang mga katangian ng mito/ alamat/ kuwentong-bayan batay sa paksa, mga tauhan, tagpuan, kaisipan, at mga aspetong pangkultura (halimbawa: heograpiya, uri ng pamumuhay, at iba pa) na nagbibigay-hugis sa panitikan ng Luzon<br>**F7PB-IIId-e-16**<br>Nasusuri ang mga katangian at elemento ng mito, alamat, at kuwentong-bayan<br>**F7PB-IIIf-g-17**<br>Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan<br>**F7PB-IIIh-i-18**<br>Nahihinuha ang kahihinatnan ng mga pangyayari sa kuwento<br>**F7PB-IIIj-19**<br>Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling ulat-balita batay sa materyal na binasa<br>**F7PB-IVa-b-20**<br>Nailalahad ang sariling pananaw tungkol sa mga motibo ng may-akda sa bisa ng binasang bahagi ng akda<br>**F7PB-IVc-d-21**<br>Nasusuri ang mga pangyayari sa akda na nagpapakita ng mga suliraning panlipunan na dapat mabigyang solusyon<br>**F7PB-IVc-d-22**<br>Naiuugnay sa sariling karanasan ang mga karanasang nabanggit sa binasa<br>**F7PB-IVg-h-23**<br>Nasusuri ang mga katangian at papel na ginampanan ng pangunahing tauhan at mga pantulong na<br>**F7PB-IVh-i-24**<br>Natutukoy ang napapanahong mga isyung may kaugnayan sa mga isyung tinalakay sa napakinggang bahagi ng akda<br>**F7PB-IVh-i-25**<br>Nabibigyang-puna/mungkahi ang nabuong iskrip na gagamitin sa pangkatang pagtatanghal |

Paghahambing lamang ito ng isa sa walong *domain*. Matutunghayan sa Rex Interactive ang paghahambing ng mga batayang kasanayan sa bawat *domain* ng dalawang bersiyon ng Gabay Kurikulum sa Filipino, Baitang 7–10.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

## IKATLONG BAHAGI

### Mga Gawaing Tutugon sa mga Dagdag na Kasanayan

Bilang pagtugon sa nakitang dagdag na kasanayan sa Gabay 2013, nagsagawa ng mga karagdagang gawaing pangklase ang Rex Book Store sa pamamagitan ng Rex Interactive. Matutunghayan ang humigit kumulang dalawampung karagdagang gawain/aralin kada baitang na siyang makapupuno sa nakitang kakulangan.

Isang halimbawa ng banghay-aralin ang makikita sa ibaba. Para ito sa Unang Linggo ng Unang Markahan para sa Baitang 7. Pinagtuunan ng gawain ang mga layuning may bilog.

| Pag-unawa sa Napakinggan (PN) | Pag-unawa sa Binasa (PB) | Paglinang ng Talasalitaan (PT) | Panonood (PD) | Pagsasalita (PS) | Pagsulat (PU) | Wika at Gramatika (WG) | Estratehiya sa Pag-aaral (EP) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kuwentong-bayan (6 na sesyon)<br><br>**F7PN-Ia-b-1** Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan | **F7PB-Ia-b-1** Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa | **F7PT-Ia-b-1** Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap | **F7PD-Ia-b-1** Nasusuri gamit *ang graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan | **F7PS-Ia-b-1** Naibabalita ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na pinagmulan ng alinman sa mga kuwentong-bayang nabasa, napanood o napakinggan | **F7PU-Ia-b-1** Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito | **F7WG-Ia-b-1** Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay | **F7EP-Ia-b-1** Nailalahad ang mga hakbang na ginawa sa pagkuha ng datos kaugnay ng isang proyektong panturismo |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# UNANG MARKAHAN

## MGA AKDANG PAMPANITIKAN: SALAMIN NG MINDANAO

### Aralin 1: Kuwentong-Bayan: Ang Pilosopo (Kuwentong Maranao)

**A. PANIMULA:**

Pagpangkat-pangkatin ang klase sa apat. Mula sa bawat pangkat ay ipasulat sa bawat isa ang mga kababalaghan o mga di-kapani-paniwala (*supernatural*) na kanilang naranasan.

Mga Tanong: (pagkatapos ng maglahad ng lahat ng pangkat)

1. Mula sa mga impormasyong inilahad ng bawat pangkat, ano ang napansin ninyong pagkakaiba at pagkakapareho ng mga detalye?
2. Bakit mayroong mga hindi naniniwala sa mga ganoong pangyayari?

**B. KATAWAN:**

1. Kasanayang Pampanitikan

   Ang mga Kuwentong-Bayan o *Folklore* ay mga kuwentong nagmula sa bawat pook na naglalahad ng katangi-tanging salaysay ng kanilang lugar. Kadalasang ito ay nagpapakita ng katutubong kulay (*local color*) tulad ng pagbabanggit ng mga bagay, lugar, hayop, o pangyayari na doon lamang nakikita o nangyayari. Masasalamin sa mga kuwentong-bayan ang kultura ng bayan na pinagmulan nito.

   Pakikinig: Babasahin sa klase ang akda habang ang mga mag-aaral ay sinusundan ng tingin ang pagbabasa sa kanilang mga kopya.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan
2. Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap
3. Nasusuri gamit ang *graphic organizer* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan
4. Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito
5. Nagagamit nang wasto ang mga pahayag sa pagbibigay ng mga patunay

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Ang Pilosopo**

Noong unang panahon, may isang bayan na ang naninirahan ay mga taong sunud-sunuran na lamang dahil sa takot na masuway ang batas na umiiral sa nasabing bayan.

Isang araw, namamasyal ang kanilang pinunong si Abed sa mga kabahayan ng kanyang mga tauhan upang malaman kung sino sa kanyang mga tauhan ang mga naghihirap upang mabigyan din siya ng pagkain.

Nang mapansin ni Subekat na lumilibot araw-araw si Abed upang mamigay ng pagkain sa mga naghihirap ay kaagad siyang kumuha ng bato at isinalang sa kalan para mabigyan ng pagkain.

Nang marating ni Abed ang kubo, binati siya ni Subekat. Luminga-linga si Abed at nakita niya ang kaldero na may nilagang bato. Nung mapansin niya, sinabi niya kay Subekat na kunin kinaumagahan ang kanyang parte dahil may inilaan sa kanya.

Isang araw nagtipon ang mga tao upang magdasal ng dhubor (pantanghaling pagdarasal). Nang makatapos sila ay nagtanong si Abed kung sino ang wala sa kanyang mga tauhan. May nakapagsabi na si Subekat ang wala. Samantala, ipinaalam ni Abed sa mga tao na aalis sila para magsuri ng lupa dahil kakaunti na lamang ang lupa para sa susunod na henerasyon. Nang papaalis na sila, saka pa lamang dumating si Subekat na hindi sumali sa pagdarasal at sinabing sasama siya. Sinabi ni Abed na maaaring sumama si Subekat kahit na hindi niya siya nakita sa pagdarasal ngunit sa pag-alis nilang ito ay matatanto niya kung tunay ba na kasama si Subekat o hindi. Bago umalis ang pangkat, hinabilin ni Abed sa bawat isa na magdala ng bato na tamang-tama lang ang bigat para sa kanila. Nagdala si Subekat ng batong sinlaki lang ng kanyang hinlalaki.

Nang mapagod na sila sa walang humpay na paglalakbay, nagpahinga sila at naghugas upang magdasal. Hindi pa rin sumali si Subekat. Nang matapos ang pagdarasal, ipinag-utos ni Abed na buksan ang kanilang baon. Nang mabuksan na nila, naging tinapay ang lahat ng dala nilang bato. Si Subekat na ang dala ay sinlaki lamang ng hinlalaki ay nagutom dahil sa liit ng kanyang tinapay.

Nang paalis na naman sila, sinabi uli ni Abed sa bawat isa na magdala ng maliit lamang na bato. Sumunod lahat ang mga tao maliban kay Subekat na ang dinalang bato ay ang pinakamalaki dahil magiging tinapay raw ito. Nang dumating na sila sa pupuntahan nila, sinabi ni Abed sa bawat isa na ihagis ang kanilang bato sa abot ng kanilang makakaya dahil dito malalaman ang lawak ng lupang matatamo ng bawat isa. Samantala, si Subekat na may pinakamalaking bato ay sinlaki lamang ng bilao ang nakuhang lupa dahil sa hindi niya kayang ihagis nang malayo ang dala niyang bato. Nalungkot si Subekat sa kanyang makukuhang lupa. Nang makita ni Abed ang liit ng kanyang nakuhang lupa, sinabi niya kay Subekat na hindi ito sumusunod sa mga patakaran. Sinabi pa sa kanya na dahil hindi siya marunong sumunod sa mga alintuntunin, wala siyang magandang kinabukasan.

*Sipi mula sa Mga Piling Kuwentong-Bayan ng Mga Maguindanaon at Maranao*
*Nina Nerissa Lozarito – Hufana, Ph.D.*
*Claribel Diaz – Bartolome, Ph.D.*

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan
   a. Luminga-linga – Nagpalingon-lingon sa paligid
   b. Matanto – malaman
   c. Umiiral – Nangingibabaw, nangyayari
   d. Alituntunin – patakaran, dapat sundin
   e. Hinabilin – pinagkatiwala

   Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito.

   Gawain: Salungguhitan ang kasalungat na kahulugan ng salitang italisado sa loob ng pangungusap.

   1) *Luminga-linga* ang magnanakaw sa pangambang may nakakita sa kanya habang may may isang nakatutok lamang sa pagmasid sa kanya.
   2) Kung gusto mong *matanto* ang mga mangyayari sa paligid, huwag mong hayaang maging mangmang ka.
   3) *Umiiral* pa rin ang kabutihan sa bawat tao sa kabila nang unti-unti nang nawawala ang magagandang kaugalian.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4) Bawat *alintuntunin* ay ginawa para sa *kapakapanan* ng mga tao at hindi lang para pagbawalan tayo kung hindi para malayo tayo sa kapahamakan.

5) *Ihabilin* mo ang mga dapat gawin sa iyong bunsong kapatid na maiiwan, delikado kung ipagwawalang bahala mo lang na maiiwan siya.

3. Kasanayang Panggramatika

Ang Pangatnig na Panlinaw

Sa pagpapahayag, mahalaga sa pagbuo ng kaisipan ay mapag-ugnay-ugnay ang mga ito. Kung kaya napakalaki ang ginagampanan ng Pangatnig sa komunikasyong ito.

Maraming uri ng pangatnig, isa na rito ang pangatnig na panlinaw. Ang pangatnig na panlinaw ay ginagamit sa pangungusap upang lalong bigyang-linaw ang mga nasabi na. Ito ay nagpapatibay ng mga ideya sa pangungusap.

Mga halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| Sa halip | sa madaling sabi | samakatuwid |
| Kung gayon | bagaman | lamang |

4. Pagpapayaman

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing ito sa kuwaderno (indibidwal).

a. Mga Tanong

1) Ilarawan ang tagpuan o bayan ng kuwento. Ano ang katangian ng mga taong naninirahan dito?
2) Sino si Subekat? Ano ang pinagkaiba niya sa mga naninirahan doon?
3) Ano ang suliraning kinaharap ng bayan?
4) Bakit isinama ni Abed si Subekat sa kanilang paglalakbay?
5) Ano-ano ang tuntuning sinabi ni Abed sa kanilang paglalakbay?
6) Ano ang kinahantungan ng hindi pagsunod ni Subekat sa mga alituntunin?

b. Ibigay ang pagkakaiba at pagkakapareho ng tagpuan ng kuwento sa lugar sa Mindanao.

| PAGKAKAIBA | PAGKAKAPAREHO |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | 1.<br>2.<br>3. |

c. Gawain: Dugtungan ang mga parirala/pangungusap sa ibaba sa pamamagitan ng paggamit ng mga Pangatnig na Panlinaw.

1. Si Subekat ay hindi marunong sumunod sa tuntunin... (sa madaling sabi) __________________.

2. Inatasan sila ni Abed na magdala ng batong tamang-tama lang para sa kanila na buhatin... (sa halip) __________________.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

3. Ang batas ay para sa ikabubuti ng lahat... (kung gayon) _________________.

4. Maparaan sana si Subekat (lamang)… _________________.

5. Walang mapapahamak kung marunong sumunod, (samakatuwid)... _________________.

**C. PAGPAPALAWIG:**

Pangkat-pangkatin ang klase sa apat na grupo. Hayaang bumuo ang mga mag-aaral ng isang pagsasadula tungkol sa kadalasang pagsuway ng mga kabataan sa panahon ngayon. Ilahad ang naidudulot ng pagsuway na ito.

**D. KONGKLUSYON:**

Ipasaliksik sa mga mag-aaral ang mga *tourist destinations* sa Mindanao. Mag*download* ng mga larawan at mula sa mga larawan ay lumikha ng isang *poster* na mag-aanyaya sa mga mamamayan na puntahan ang nasabing lugar.

**E. TAKDANG ARALIN:**

Magpapasulat sa mga mag-aaral ng isang sanaysay na may paksang: "Ang mga Ipinagbabawal nina Inay at Itay." Ang sanaysay ay kinakailangang binubuo ng hindi kukulang sa limang pangungusap bawat talata, hindi kukulang sa tatlong talata at ginamitan ng mga pangatnig na panlinaw. Salungguhitan ang mga pangatnig na panlinaw na ginamit sa mga talata.

**Rubrik sa Pagsulat ng Sanaysay**

| **Kraytirya** | **1 – Hindi Naisakatu-paran** | **2 – Nai-sakatuparan ngunit mas lamang ang mga pagka-kamali** | **3 – Nai-sakatuparan ngunit may mga minimal na pagkaka-mali** | **4 – Naging mahusay at konsistent** |
|---|---|---|---|---|
| Nasunod ang mga panuntunang inilahad ng guro. | | | | |
| Natalakay nang may kaisahan ang ibinigay na paksa o tema. | | | | |
| Nagamit ang kasanayan sa gramatikang pinag-aralan. | | | | |
| Naging kawili-wili at makaeengganyong basahin ang buong sulatin. | | | | |
| Sumunod sa tamang gamit ng mga bantas, espasyo, ispeling, at pagbuo ng talata. | | | | |
| KABUUAN = (20 puntos) | | | | |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com